A ANG KATOTOHANAN NGAYON.

- ❖ Alam ng Dios ang hinaharap at hawak Niya ang kasaysayan. Nakakapadala Siya ng Espesyal na mga mensahe sa mga natatanging pagkakataon sa kasaysayan ng tao (Isaias 49:10; Amos 3:7). Nakikilala ito bilang "katotohanan ngayon."
- ❖ Nang ibinahagi ni Pedro ang kasalukuyang katotohanan, hinimok rin nya ang mga tagapakinig na ipagpatuloy ang pag-aaral sa dati nang ipinahayag na katotohanan (2P. 1:16-21). Ang pahayag ng Dios ay umuunlad, hindi nagkakasalungat.

B ANG KONTEKSTO NG MENSAHE.

- ❖ Sa Apocalipsis, ang Kordero (Jesus) ay nakita sa kasaysayan ng Iglesia (c. 1-12). Ipinahayag ang mga sandali bago ang Kanyang Ikalawang Pagdating (c. 13-18), at hinihikayat tayong asamin ang pangyayaring iyon–"Ako'y madaling pumaparito" (22:7)–at ang ating buhay sa hinaharap (c. 19-22).
- ❖ Ipinapakita ng ika-13 kabanata ang huling kahirapan, at sa ika-14 na kabanata ay ipinahayag ang huling panawagan at mga resulta nito: (1) Ang tagapagdala ng huling panawagan (v. 1-5), (2) Ang mensahe ng huling panawagan (v. 6-12), (3) Ang bunga ng pagtanggap sa panawagan (v. 13-16), (4) Ang bunga ng pagtanggi sa panawagan (v. 17-20).
- ❖ Ang ani ay kumakatawan sa kaligtasan ng mga banal. Ang pag-ani ng mga ubas ay kumakatawan sa kamatayan ng mga masama. Ang dalawa ay mangyayari sa Ikalawang Pagdating, pagkatapos na maipangaral ang huling pabalita (Mateo 24:14).

C ANG UNANG ANGHEL (Apocalipsis 14:6-7):

- ❖ **ANG WALANGHANGGANG EBANGHELYO.**
  - — Ang Ebanghelyo ay ang mabuting balita ng Biyaya ng Dios, Kanyang pagpapakasakit, Kanyang kapangyarihang maglikha at magtubos, Kanyang pagpapatawad, Kanyang kapangyarihan upang gawin tayong matagumpay, Kanyang walanghanggang pag-ibig…
  - — Bawat isa ay dapat tumanggap ng mensaheng ito. Anuman ang kanilang nasyonalidad, pangkat, kasta, pananampalataya, o estado sa buhay. Bawat isa ay dapat makarinig ng mabuting balita at magkaroon ng pagkakataong tumanggap kay Jesus bilang Panginoon at personal na Tagapagligtas.
- ❖ **TAKOT, KALUWALHATIAN, PAGHUHUKOM, AT PAGLALANG.**
  - — Ang mensahe ng unang anghel ay:
    - (1) Matakot o igalang ang Dios sa lahat ng ating ginagawa. Luwalhatiin Siya sa pag-una sa Kanya sa lahat ng ating inisip at ginagawa.
    - (2) Alamin na tayo ay huhukuman, kaya kailangan nating sundin ang Kanyang kautusan (Ecclesiastes 12:13-14).
    - (3) Sambahin ang Dios bilang Manlalalang, ginagalang ang ikaapat na utos (hal. Sabado, Exodo 20:8-11).

D ANG IKALAWANG ANGHEL (Apocalipsis 14:8):

- ❖ **ANG HULING PANAWAGAN.**
  - — Ang relihiyong "Babilonia" ay pinagsama ang katotohanan na itinuro ni Jesus at ang ibang doktrinang ginawa ng mga tao o ni Satanas. Lahat ay pinaghalo sa Babilonia.
  - — Dahil dito, Tinatawagan ng Dios ang mga umiibig kay Jesus at tumanggap sa Kanya bilang tagapagligtas na tumakas mula sa kalituhang ito.
  - — Ang Apocalipsis ay nagtalaga ng 2 buong kabanata (17 at 18) sa pagbagsak ng Babilonia, kaya ang panawagan na lumabas sa kanya ay napakahalaga.

E ANG IKATLONG ANGHEL (Apocalipsis 14:9-11):

- ❖ **TUNAY NA PAGSAMBA.**
  - — Ang ikatlong mensahe ay kaugnay sa pagsamba: Sambahin ang Manlalallang sa araw na itinalaga Niya, itakwil ang Linggong pangilin (14:12), at huwag sambahin ang hayop sa pagtakwil sa mga utos ng Dios, upang maiwasan ang nararapat na parusa (14:9-11).
  - — Dapat tayong gumawa ng sariling desisyon. Ang pagpili natin araw-araw ang magtatakda ng ating desisyon sa sandalling iyon.